

Ipinapaalam namin sa inyo na ang lungsod ng Yaizu ay magbibigay katuparan sa mga sumusunod upang maiwasan ang paglaganap ng bagong Corona virus.

< 1 > Maaaring iwan ang bata habang sarado ang Elementarya

Sa loob ng panahon na sarado ang Elementarya upang mapigilan ang paglaganap ng impeksyon, ang mag-aaral sa Grade 1~3 ng Elementarya at kasalukuyang nag-aaral sa Special Support Class Grade 1~6 na hindi maiwanan na mag-isa lang sa bahay ay maaaring maalagaan sa paaralan.

- Batang naaangkop sa lahat na sumusunod ay maaaring ipagkatiwala 「Mag-aaral sa Elementarya Grade 1~3」 at 「Bata na nasa Special Support Class Grade 1~6」.
- Mga bata na walang mapag-iwanan sa kadahilanan na nagtrabaho ang tagapangalaga at wala sa bahay sa tanghali.
- Mga bata na hindi naka-enrol sa mga After-school Kid' s club.
- Ang punong-guro ang magbibigay desisyon sa kahilingan ng tagapangalaga.
- Dapat umiwas gumamit kapag mayroong tao makakapag-alaga sa bata.
- Manyaring magpahinga sa bahay ang bata na hindi maganda ang pakiramdam.

Panahon : Marso 4 (Miyerkoles) ~ Marso 17 (Martes) Tuwing Lunes ~ Biyernes

Oras na maaaring iwan : Mula 8:00am hanggang 2:00pm

Sa Katanungan : Seksyon ng Eskwelahan at Edukasyon (Gakko Kyoiku-ka)
TEL : 054-662-0586 FAX : 054-662-0630

< 2 > Bukas mula umaga ang After-school Kid' s Club habang sarado ang mga Elementarya

Bukas ang After-school Kid' s club habang sarado ang mga Elementarya ng Yaizu city.

Panahon : Marso 3 (Martes) ~ Marso 19 (Huwebes) Lunes ~ Biernes

Oras : Bukas mula umaga hanggang hapon.

(May pagkakaiba sa oras ng pagbubukas at pagsasara depende sa club)

Lugar : Lahat ng mga club sa lungsod ng Yaizu (May kabuuan na 25 clubs)

Upang mabawasan ang pasanin ng tagapangalaga : Tungkol sa bayarin sa paggamit ng After-school Kid' s club (Hokago Jido Club), ang lungsod ay magsasagawa ng hakbang upang mabawasan ang pasanin ng tagapangalaga kapag may dagdag sa normal na bayad.

Iba pa : Hinihikayat namin ang mga tagapangalaga sa kanilang pakikipagtulungan na maalagaan ang bata sa bahay hangga't maaari.

Sa Katanungan : Seksyon sa Suporta sa Pag-aalaga ng Bata (Kosodate Shien-ka) (Suzuki)
TEL : 054-626-1137 FAX : 054-626-2187

<3>Maaring iwan ang bata na hindi maaalagaan sa bahay habang sarado ang

Kindergarten ng munisipalidad

Sa lungsod ng Yaizu, kung mahirap ang pag-aalaga sa bata sa bahay habang sarado ang munisipal na Kindergarten, ibibigay katuparan ang “Pansamantalang pag-aalaga ng Bata/Rinji-no-Azukari-hoiku” sa pinapasokan na kindergarten ng bata.

Panahon : Marso 4 (Miyerkoles) ~ 19 (Huwebes) Lunes ~ Biernes (Maliban sa Marso 17 (Martes))

Oras : Mula 9:00am hanggang 2:30pm

※Tungkol sa pangangalaga ng bata, ang mga guro sa pinapasokan na kindergarten ng bata ay kokoresponde at mahigpit na pinapanatiling nakakaiwas sa impeksyon ang mga bata.

Sa Katanungan : Seksyon ng Nursery at Kindergarten (Hoiku Yoshien-ka) (Fujino)

TEL:054-626-2772 FAX:054-626-2187

<4>Isasara ang mga Sentro sa Suporta sa Pag-aalaga ng Bata atpb.

Sa lungsod ng Yaizu, isasara ang Sentro sa Suporta sa Pag-aalaga sa Bata at Sentro para sa mga bata.

Panahon : Marso 3 (Martes) ~ Marso 19 (Huwebes)

Siradong Pasilidad : **【Sentro sa Suporta sa Pag-aalaga ng Bata (Kosodate Shien Senta)】**

《Pasilidad na pinapatakbo ng munisipalidad : Tatlong lugar》

- Tanggapan ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Yaizu city 「Tsudoi-no-hiroba」
- Espasyo ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Yaizu city 「Oyako-fureai-hiroba」
- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Yaizu, Oigawa District 「Tomatopia」

《Konsignamentong Pasilidad ng lungsod na pinapatakbo ng ibang grupo

: Limang lugar》 (Chiiki Kosodate Shien Senta)

- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Lokalidad 「Kosodate Hiroba Nakayoshi」
- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Lokalidad 「Sakura」
- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Lokalidad 「Minami」
- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Lokalidad 「1・2・3 (One-two-three)」
ワン ツー スリー
- Sentro ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata sa Lokalidad 「Takakusa」

【Sentro para sa mga Bata】

- Sentro para sa mga Bata sa Oigawa 「Tomatopia」

Sa Katanungan : Seksyon sa Suporta ng Pag-aalaga ng Bata (Kosodate Shien-ka) (Suzuki)

TEL:054-626-1137 FAX:054-626-2187

< 5 > Mangyaring iwasan ang paggamit ng mga pasilidad sa edukasyon sa panlipunan para sa mga mag-aaral sa Haiskul pababa(Kabilang rin ang Haiskul)

Mangyaring iwasan ang paggamit sa mga sumusunod na pasibilidad ang mga tao nasa Haiskul pababa.

Panahon : Marso 3 (Martes) ~ Marso 19 (Huwebes)

Naaangkop na Pasilidad :

Silid-aklatan ng Yaizu (Yaizu Toshokan), Silid-aklatan ng Oigawa (Oigawa Toshokan), Museo ng Katutubong Kasaysayan (Rekishu Minzoku Shiryokan), Yaizu Koizumi Yakumo Memorial Hall (Yaizu Koizumi Yakumo Kinenkan), Sentro ng Komunidad sa lungsod (Kominkan/Siyam na lugar)

Sa Katanungan : Opisina ng Konseho ng Edukasyon sa lungsod ng Yaizu

(Yaizu-shi Kyoiku Iinkai Jimukyoku) TEL:054-662-0586 FAX : 054-662-0630